


# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikalawang Markahan - Modyul 4: Pananagutan sa Kahihinatnan ng Kilos at Pasiya



**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikasampung Baitang  
Alternative Delivery Mode  
Ikalawang Markahan – Modyul 4: Pananagutan sa Kahihinatnan ng Kilos at Pasiya  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyulna ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

<b>Manunulat:</b>	Brenda S. Santos
<b>Editor:</b>	Annie Rose B. Cayasen
<b>Tagasuri:</b>	
<b>Tagaguhit:</b>	
<b>Tagalapat:</b>	Pepe M. Tabanao Jr.
<b>Tagapamahala:</b>	May B. Eclar, Benilda M. Daytaca, Carmel F. Meris, Rosita C. Agnasi, Edgar H. Madlaing, Rizalyn A. Guznian, Sonia D. Dupagan, Erlinda C. Quinuan, Vicenta C. Danigos

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – Rehiyong Pampangasiwaan ng Cordillera**

Office Address: Wangal, La Trinidad, Benguet

Telefax: (074)-422-4074

E-mail Address: car@deped.gov.

# 10

# **Edukasyon sa Pagpapakatao**

**Ikalawang Markahan – Modyul 1:  
Ang Pagkukusa sa Makataong  
Kilos**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## Aralin

# 1

## *Pananagutan sa Kalalabasan ng Sariling Kilos at Pasiya*



### ***Alamin***


Sa nakaraang modyul natutunan mo na may limang salik na nakaaapekto sa makataong kilos at ito ang mga sumusunod: kamangmangan, masidhing damdamin, takot, karahasan at gawi.

Sa modyul na ito, inaasahang mauunawan mo ang uri ng kapanagutan, batayan ng mabuti at masamang kilos, ang mga makataong kilos at obligasyon.

Pagkatapos mong pag-aralan ang modyul na ito, inaasahang malilinig sa iyo ang mga sumusunod na kaalaman, kakayahan at pag-unawa:

1. Napatutunayan na nakaaapekto ang kamangmangan, masidhing damdamin, takot, karahasan at gawi sa pananagutan ng tao sa kalalabasan ng kaniyang mga pasiya at kilos dahil maaaring mawala ang pakukusa sa kilos. **(MELC - 6.3)**

Nakapagsusuri ng sarili batay sa mga salik na nakaaapekto sa panaangutan ng tao sa kahihinatnan ng kilos at pasiya at nakagagawa ng mga hakbang upang mahubog ang kaniyang kakayahan sa pagpapasiya. **(MELC - 6.4)**



## **Subukin**

**Panuto:** Basahing mabuti ang bawat pangungusap at unawain ang tanong. Isulat ang titik ng pinakaangkop na sagot sa iyong sagotang papel.

- \_\_\_\_\_ 1. Noong unang ginamit ang tabako, ang mga tao ay higit na walang kamalayan sa mga nakakapinsalang epekto nito. Ito ay tinutukoy ang tungkol sa?
- kamangmangan
  - takot
  - masidhing damdamin
  - karahasan
- \_\_\_\_\_ 2. Si Anna ay tumutulong sa isang organisasyon para sa mga bata na nangangailangan ng pinansiyal na tulong. Ito ay isang halimbawa ng?
- |                   |                       |
|-------------------|-----------------------|
| a. kusang-loob    | c. walang kusang loob |
| b. di kusang loob | d. boluntaryo         |
- \_\_\_\_\_ 3. Ito ay isang damdamin na sapilitan na nagdudulot ng panganib o banta at dahil dito ay nagdudulot ng mga pagbabago sa pisyolohikal at mga pagbabago sa pag-uugali.
- |                       |          |
|-----------------------|----------|
| a. masidhing damdamin | c. gawi  |
| b. karahasan          | d. takot |
- \_\_\_\_\_ 4. Hindi na ginawa ni Brooke ang kaniyang takdang aralin at wala siyang balak na gawin ito. Ito ay isang halimbawa ng?
- |                |                       |
|----------------|-----------------------|
| a. kusang-loob | c. walang kusang loob |
| b. katamaran   | d. boluntaryo         |
- \_\_\_\_\_ 5. Kahit na may CoViD-19 Pandemic may nagawang pasiya at kahalili (alternative) si Mang Jose upang maibigay niya ang pangangailagan ng kaniyang pamilya. Ang sitwasyon na ito ay nagpapatunay na may kakayahan si Mang Jose na?
- maging matatag ang kalooban
  - harapin ang pandemiya
  - mapanagutang kilos
  - magpasiya

**6 - 10. Kilalanin ang tamang hakbang sa paggawa ng pasiya. Isulat ang bilang 1 hanggang sa 5 ayon sa tamang pagkakaayos ng iba't-ibang hakbang sa pagpapasiya**

- \_\_\_ **6.** Kapag natukoy na ang gagawing pasiya, oras na upang tipunin ang impormasyong nauugnay sa pagpipilian.
- \_\_\_ **7.** Tukuyin ang mga kahalili (alternative) at timbangin ang mga ito kung makakatulong ba ito o hindi.
- \_\_\_ **8.** Matapos sundin ang mga hakbang sa paggawa ng pasiya ay suriin nang mabuti ang napiling pasiya. Nasasagot ba ang mga tanong na ito, nalutas ba ang problema? nasagot ba ang tanong? at natugunan ba ang iyong mga layunin?
- \_\_\_ **9.** Malinaw na dapat tukuyin ang gagawing pasiya.
- \_\_\_ **10.** Sa mga nakuhang impormasyon, kilalanin ang mga posibleng pagpipilian.

**11. 15. Basahin at unawain ang mga sumusunod na pahayag. Tukuyin kung ang pahayag ay TAMA o ito ay MALI.**

- \_\_\_\_\_ **11.** Sa paggawa ng pasiya kailangang matutunang palawakin ang pagpipilian at humingi nga payo.
- \_\_\_\_\_ **12.** Ang bawat tao ay may kakayahang gumawa ng isang malinaw na pasiya sa buhay.
- \_\_\_\_\_ **13.** Ang bawat tao ay may kakayahang mapagtagumpayang harapin ang karahasan.
- \_\_\_\_\_ **14.** Kumikilos sa Jared ng hindi kinakailangang pagsabihan at wala siya hinihiling na kapalit. Ang kilos ni Jared ay nagpapakita ng pagkukusa.
- \_\_\_\_\_ **15.** Ang mga kadahilanan na nag-aambag sa pagpapakita ng karahasan ay ang mababang pagbibigay ng halaga sa sarili, pang-aabuso at pagpapabaya.



## ***Balikan***

Sa nakaraang modyul, natutunan mo na ang bawat salik na nakaaapekto sa panunugatan ng tao sa kahihinatnan ng kaniyang kilos at pasiya. Ang bawat kilos ng tao ay may kasamang pananagutan. Mabibigyang-linaw ang iyong kaalaman na may mga salik na nakaaapekto sa paggawa ng kilos at pasiya. Dahil sa kilos-loob ay may kapangyarihang kumilos ang isang tao ayon sa kaniyang nais at ayon sa katuwiran. Ang kilos ang nagbibigay patunay kung ang isang tao ay may pananagutan sa sarili o wala.

Sa pagpapatuloy ng aralin sa modyul na ito, isaisip na ang antas ng pananagutan ay nakadepende sa antas ng kilos at pasiya. Nangangahulugang may pananagutan ang isang tao sa mga kilos o pasiya na nagawa, ito man ay simple o mabigat. Malinaw na ang bawat ginagawa ng isang tao ay may dahilan ngunit napakahalaga na may pagkukusa sa sarili na managot sa kahihinatnan ng kilos at pasiya.



## ***Tuklasin***

### **GAWAIN 1: BAYANIHAN**

**PANUTO:** Basahin ang sanaysay na nasa kahon. Sagutin ang mga tanong sa ibaba at gawin ito sa sagutang papel.

Ang papel na ginagampanan ng bayanihan ng Pilipino sa panahon ng isang pandemya. Ang COVID-19 pandemya ay nagdala ng maraming mga problema, lalo na para sa mga mahihirap at marginalized na sektor ng ating lipunan.



Ang ibang kompanya ay iilan nalang ang pinapapasok na mga tauhan, ang iba naman ay tuluyang nawalan na ng hanap buhay, pagkawala ng kita, limitadong kadaliang kumilos at iba pang mga pakikibaka.

Sa pagpapatupad ng lockdown, maraming mga tao ang gumawa ng paraan at tumulong upang mag-ipon ng mga gamot at pagkain na ibibigay sa mga nangangailangan. May mga sektor na kumilos upang magkaroon ng donasyon drive at maibigay sa iba. Kahit may COVID-19 pandemya makikita pa rin ang pagkakaisa at bayanihan upang maiangat ang kapwa gaya nga ilang mga chef at iba pang mga nag-aalala na mamamayan ay bumuo ng iba't ibang mga kusina sa komunidad at mga programa sa pagkain upang mapagaan ang kaunting pasanin ng mamamayan. Ang mga manggagawa sa kalusugan na patuloy na nagtatrabaho, ngunit walang paraan upang makapunta sa mga ospital at pauwi sa kanilang mga tahanan, ay tinutulungan. Ito ay iilan lamang sa bayanihan na pinapakita ng mga Pilipino kahit mahirap ang sitwasyon.

1. Sa iyong palagay ano kaya ang mensahe ng sanaysay?

---



---



---

2. Anong mga aral ang maaari mong makuha mula sa sanaysay? Magbigay ng tatlo.

---



---

**Rubriks para sa pagbibigay ng puntos.**

Puntos	Pamantayan	Katangian ng paliwanag
5	Napakahusay	Malinaw at maayos ang pagkakasulat ng ideya at daloy ng paliwanag. Nagpapakita ng maliwanag na kamalayan sa gawain.
4	Mahusay	Maayos ang pagkakasulat at daloy ng paliwanag. May sapat na kamalayan sa gawain.
3	Katamtamang husay	Katamtamang husay ang daloy ng paliwanag.



## ***Suriin***

### **I. ANG SALIK AT PANANAGUTAN**

Ang kamangmangan, masidhing damdamin, takot, karahasan at gawi ay nakaaapekto sa pagkukusa ng isang tao upang maging mapanagutan sa mga ginawang pasiya o kilos. Kaya laging sinasabi ng ilan na huwag gumawa ng isang pasiya o kilos kapag nakakaramdam ang isang tao ng masidhing damdamin dahil maaaring hindi niya magugustahan ang kahihinatnan ng kaniyang pasiya o kilos. Upang makagawa ng maayos na pagpapasiya ay kailangan na matutunang balansehin ang emosyon at pagkamakatuwiran. Ang masidhing damdamin ay nagdudulot negatibong emosyon at ito ay nagpapababa ng kakayahang mangatuwiran. Nangyayari ito dahil ang utak ay mas nakatuon sa emosyonal na estado ng kalungkutan o galit na nararamdaman sa halip na tumutok sa paggawa ng mga pasiya o paghahanap ng mga malikhaing solusyon. Ang pag-iisip ng positibo ay naman ay nagpapabuti ng pagkamalikhain at kalinawan sa mga ideya. Hindi ito nangangahulugang kailangang maging masaya sa lahat ng oras, ngunit kailangang hanapin ang balanseng estado ng panloob na kapayapaan. Kapag ang ating kilos o pasiya ay hindi napailalim sa pag-igting ng anumang salik ay nakakagawa ng makatong kilos at mas malinaw ang mga bagay.

Ang pananagutan ay isang pangunahing sangkap sa anumang tagumpay. Ngunit nakakalimutan ng mga ilang tao na harapin ang kanilang pananaugutan at pagkukusang loob dahil sa kamangmangan, masidhing damdamin, takot, karahasan at pag-uugali. Kapag tinatanggap ang isang tao ang pananagutan ay inilalagay niya ang kaniyang sarili sa isang posisyon kung saan maaari niyang gawin ang mga kinakailangang pagbabago upang maging matagumpay at magbago, samantalang kung ang isang tao ay laging naghahanap ng sisisihin sa mga kinalabasan ng kaniyang askiyon o pasiya ay mananatiling bilanggo sa mga salik na nakaaapekto sa paggagawa ng kilos at pasiya. Ang pananagutan ay tumutukoy sa isang obligasyon o pagpayag na tanggapin ang responsibilidad sa nagawang kilos at pasiya. Kapag ang mga tungkulin ay hindi malinaw at ang mga tao ay hindi tinatanggap ang pananagutan, ang tungkulin ay hindi magagampanan nang maayos.

## **II. KUSANG-LOOB (VOLUNTARILY)**

Ang kusang loob ay ang paggawa ng mabuti para sa iba at sa pamayanan, na nagbibigay ng isang likas na pakiramdam ng tagumpay. Sa pamamagitan ng pagboboluntaryo, nabubuo ang isang tao ang mga kasanayan sa buhay at naging maayos na indibidwal. Ang pagsisimula ng mga bata sa pagkukusang-loob ay nagbibigay ng isang pagkakataon para matuto at lumaki na may pagpapahalaga sa miyembro ng lipunan.

Ayon kay Aristotle may tatlong uri ng kilos ayon sa kapanagutan ito ay ang kusang-loob, di kusang-loob, at walang kusang-loob. Ang Kusang-loob (voluntarily) ay ang pagbigay o pag-ambag ng isang tulong sa nangangailangan ng hindi sapilitan o hindi na kailangang sabihan. Ito din ay ang pagbibigay ng mga bagay na walang hinihinging kabayaran o kapalit. Ang Di Kusang loob (not willing) ay ang paggawa ng isang bagay na hindi gusto at napilitan lamang. Ang panghuli ay ang Walang kusang loob (there is no will) ito ay nagpapakita ito ng di kusang loob, kawalan ng pagkukusa na gawin o tapusin ang isang bagay.

## **III. ANG PAGPAPASIYA**

Ang kakayahang gumawa ng pagpapasiya ay ang kakayahang mamili ng isang desisyon kapag iniharap sa dalawa o higit pang mga pagpipilian. Kung nahihirapan ang isang tao na gumawa ng pasiya ay karaniwang nakakaramdam ng pagkabalisa, nalilito, naiinis, may mga unang hakbang na nagagawa na hindi gaano pinag-isipan at may mga aksiyon at salita na nabibitawan na nakakasakit na sa iba na hindi namamalayan.

Habang nadadagdagan and edad ng isang tao, ang mga pagpapasiya ay naging mas kumplikado at ang mga nagagawang ng mga desisyon o pasiya ay mas makabuluhan. Bilang anak, nakikita mo ba ang iyong magulang na gumagawa ng mga desisyon araw-araw? Ang ilan ay maliit at walang epekto sa iyo dahil maaaring hindi mo pa ito nakikita. Ang lahat ay maaaring gumawa ng mga hakbang upang maging mas mahusay sa paggawa ng pasiya. Sa paggawa ng pasiya kailangang maging maingat upang maiwasan ang pagkakamali, narito ang ilang hakbang:

1. Subukang malinaw na tukuyin ang likas na katangian ng pasiya na dapat gawin. Ang unang hakbang na ito ay napakahalaga.
2. Ipunin ang may-katuturang impormasyon.
3. Palawakin ang mga pagpipilian
4. Alamin ang limitasyon at halili (alternative)
5. Pagsasagawa ng piniling pasiya

6. Matapos sundin ang mga hakbang sa paggawa ng pasiya ay suriin nang mabuti ang pasiya. Nasasagot ba ang mga tanong na ito, nalutas ba ang problema? nasagot ba ang tanong? at natugunan ba ang iyong mga layunin?

Higit sa lahat, kinikilala ng ibang tagapayo na kung saan ang maaaring maging isang problema o hadlang sa paggawa ng pasiya ay ang labis na kumpiyansa sa sarili. Ngunit mahalagang bagohin ang pag-uugali, mga gawi, paraan ng pag-iisip at pagkontrol ng damdamin upang kahit anong salik man ang makaharap ay hindi maaapektohan ang paggawa ng pasiya.



## ***Pagyamanin***

### **GAWAIN 2: PAG – ISIPAN MO**

**PANUTO:** Minsan ay hindi natin namamalayan na tinatakan natin ang mga pananagutan at nawawalan ng pagkukusang-loob upang tumulong sa iba. Punan ang hanay B, C at D ayon sa hiniling nito magbigay ng isa lamang sa bawat hanay. Gawin ito sa sagotang papel.

Mga salik na nakaaapekto sa pagkukusang-loob at pananagutan	Mga nagawang kilos o pasiya na nagpapakita ng kawalan ng pagkukusang-loob at pananagutan	Naidulot sa kawalan ng pagkukusang-loob at pananagutan	Mga hakbang upang itama ang kilos o pasiya
Hanay A	Hanay B	Hanay C	Hanay D
Kamangmangan	Hindi pagtulong sa nakababatang kapatid sa kaniyang takdang aralin dahil sa paglalaro ng mobile legend.	Hindi natapos ang gawin at mababa ang kaniyang puntos dahil hindi niya naunawaan ang aralin at gawain.	Paglaan ng oras upang makausap at maturuan ang kapatid. Itigil muna ang paglalaro.
1.Kamangmangan			

2. Masidhing damdamin			
3. Takot			
4. Karahasan			
5. Gawi			

**GAWAIN 3: PANANAGUTAN KO**

**PANUTO:** Magbigay ng tatlong tiyak na mga hakbang upang mahubog ang iyong kakayahan sa paggawa ng “mapanagutang kilos”. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

**Halimbawa:** Napansin ko sa aking sarili na ako ay madaling nagagalit. Kaya kinausap ko ang aming Guidance Counselor dahil nais kung malaman at maunawaan ang aking sarili at matutunan kung paano kontrolin ang aking galit

---



---



---



---



---



---



---



---

**GAWAIN 4: ANG AKING PAGPAPASIYA**

**PANUTO:** Magbigay ng tatlong tiyak na mga hakbang upang mahubog ang iyong kakayahan sa paggawa ng isang “pagpapasiya”. Maaaring pagpapasiya para sa pagbabago, para sa kinabukasan at iba pa. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

**Halimbawa:** Kailangan kung matutunan ang magpasiya para sa track na kukunin ko sa Senior High. Dapat una kung tukuyin ang aking kakayahan. Kapag natukoy ko, oras na upang tipunin ang impormasyon na may kaugnayan sa pagpipilian ko.

Gumawa ng isang panloob na pagtatasa at suriin kung ang pipiliin ko ba na track ko ay nais ba ng mga magulang ko at maayos ba ang kalagayang pangpinansiyal ng aming pamilya. At panghuli ay humingi din ng payo sa mga guro.

---



---



---



---



---



---



---

**Rubriks sa pagbibigay ng puntos sa Gawain 2,3 at 4.**

Puntos	Pamantayan	Katangian ng paliwanag
5	Napakahusay	Malinaw at maayos ang pagkakasulat ng ideya at daloy ng paliwanag. Nagpapakita ng maliwanag na kamalayan sa paksa. Nakapagbibigay ng tiyak na mga hakbang.
4	Mahusay	Maayos ang pagkakasulat at daloy ng paliwanag. May sapat na kamalayan sa paksa. Nakapagbibigay ng sapat na mga hakbang.
3	Katamtamang husay	Katamtaman ang husay ng daloy ng paliwanag. Hindi kompleto ang naibigay na mga hakbang sa paggawa.



## **Isaisip**

### **GAWAIN 5: CLOZE TEST**

**PANUTO:** Basahin at kompletihin ang SANAYSAY tungkol sa aralin. May naibigay na clue sa loob ng kahon. Gawin ito sa iyong sagutang papel.


KAHIHINATNAN, KUSANG LOOB, MABAGO, PAGGAWA, KALIMUTAN, KAMANGMANGAN, MASIDHING DAMDAMIN, TAKOT, KARAHASAN, GAWI, MAKATAONG KILOS, PANANAGUTAN, PAGPAPASIYA, MANAGOT, OBLIGASIYON.

Sa modyul na ito napatunayan na nakakaapekto ang

(1.) \_\_\_\_\_, (2.) \_\_\_\_\_, (3.) \_\_\_\_\_, (4.) \_\_\_\_\_ at  
(5.) \_\_\_\_\_ sa paggawa ng pasiya at kilos.

Ang (6.) \_\_\_\_\_ ay sinadya at niloob ng tao, kaya't nararapat lamang na ang magkaroon ng (7.) \_\_\_\_\_ nito. Ang (8.) \_\_\_\_\_ ng kaniyang isip at puso sa pagsagawa ng makataong kilos ay nararapat na kargo niya. Hindi maaaring ang ibang tao ang (9.) \_\_\_\_\_ sa kaniyang kilos. Dahil sila rin ay may ibang (10.) \_\_\_\_\_ na gaya mo.

Laging isipin na ang bawat kilos at pasiya ay (11.) \_\_\_\_\_ at dapat ay pananagutan mo ito. Minsan ay wala tayong (12.) \_\_\_\_\_ na gawin ang isang bagay. Hinihintay pa natin ang utos ng iba para tayo ay kumilos ngunit dapat ito ay (13.) \_\_\_\_\_ na. Ang (14.) \_\_\_\_\_ ng makataong kilos ay dapat huwag ikahiya at (15.) \_\_\_\_\_.



## *Isagawa*

### **GAWAIN 6:** ANG AKING SALOOBIN

**PANUTO:** Basahin ang tula na sinulat na Max Ehrmann. Sagutin ang mga tanong sa ibaba at gawin ito sa sagutang papel.

DESIDERATA  
ni Max Ehrmann

Humayo nang panatag  
Sa gitna ng ingay at pagmamadali, at tandaang  
May kapayapaang matatagpuan sa katahimikan.

Makipagkapwa-tao.  
Bigkasin ang iyong katotohanan nang mahinahon at  
Malinaw, at makinig sa iba, kahit sa mapurol o mangmang:  
Sila ma'y may kanilang salaysayin. Iwasan ang mga taong maingay at magaspang;  
sila'y Nakakarindi sa diwa.

Kung ihahambing mo ang sarili sa iba, maaaring  
Maging hambog at masamain ang loob pagka't  
Laging may hihigit sa iyo at may hihigtan ka.  
Masiyahan ka sa iyong mga natamo, gayundin sa iyong mga balak.

Manatiling buhos ang iyong kalooban sa mga gawain, gaano man  
Kababa; tunay itong kayamanan sa nagbabagong panahon  
Maging maingat sa pakikipagkalakalan pagka't ang mundo'y  
Batbat ng panlilinlang. Subalit huwag hayaang  
Makabulag ito sa iyon sa anumang kabutihang mayroon; maraming  
Nagpupunyagi para sa mga adhikaing dakila; at sa lahat ng dako,

Ang buhay ay lipos ng kabayahinan.  
Huwag magkunwari laluna ng pagmamahal.  
Huwag ding tatalikuran ang pag-ibig, pagka't sa gitna ng  
Katigangan at kalungkutan, kailanma'y uusbong  
At nabubuhay itong tulad ng damo.



1. Ano ang natutunan mo sa tula?

---

---

---

2. Ayon sa tula ano ang mga dahilan kung bakit nawawala ang pakukusang loob at pananagutan sa nagawang kilos? Magbigay ng dalawa.

---

---

---

---

---

3. Ayon sa tula paano mahuhubog ang pagkukusang loob? Magbigay ng dalawa.

---

---

---

**Rubriks para sa pagbibigay ng puntos.**

Puntos	Pamantayan	Katangian ng paliwanag
5	Napakahusay	Malinaw at maayos ang pagkakasulat ng ideya at daloy ng paliwanag. Nagpapakita ng maliwanag na kamalayan sa gawain.
4	Mahusay	Maayos ang pagkakasulat at daloy ng paliwanag. May sapat na kamalayan sa gawain.
3	Katamtamang husay	Katamtamang husay ang daloy ng paliwanag



## Tayahin

### **GAWAIN 7:** TAYAHIN ANG AKING PAG-UNAWA (POST-TEST)

**Panuto:** Basahing mabuti ang bawat pangungusap at unawain ang tanong. Isulat ang titik ng pinakaangkop na sagot sa iyong sagotang papel.

\_\_\_\_\_ **1.** Kahit na may CoViD-19 Pandemic may nagawang pasiya at kahalili (alternative) si Mang Jose upang maibigay niya ang pangangailagan ng kaniyang pamilya. Ang sitwasyon na ito ay nagpapatunay na may kakayahan si Mang Jose na?

- a. maging matatag ang kalooban
- b. harapin ang pandemiya
- c. mapanagutang kilos
- d. magpasiya

\_\_\_\_\_ **2.** Noong unang ginamit ang tabako, ang mga tao ay higit na walang kamalayan sa mga nakakapinsalang epekto nito. Ito ay tinutukoy ang tungkol sa?

- a. kamangmangan
- b. takot
- c. masidhing damdamin
- d. karahasan

\_\_\_\_\_ **3.** Hindi na ginawa ni Brooke ang kaniyang takdang aralin at wala siyang balak na gawin ito. Ito ay isang halimbawa ng?

- a. kusang-loob
- b. katamaran
- c. walang kusang loob
- d. boluntaryo

\_\_\_\_\_ **4.** Ito ay isang damdamin na sapilitan na nagdudulot ng panganib o banta at dahil dito ay nagdudulot ng mga pagbabago sa pisyolohikal at mga pagbabago sa pag-uugali.

- a. masidhing damdamin
- b. karahasan
- c. gawi
- d. takot

\_\_\_\_\_ **5.** Si Anna ay tumutulong sa isang organisasyon para sa mga bata na nangangailangan ng pinansiyal na tulong. Ito ay isang halimbawa ng?

- a. kusang-loob
- b. di kusang loob
- c. walang kusang loob
- d. boluntaryo

**6 - 10.** Kilalanin ang tamang hakbang sa paggawa ng pasiya. Isulat ang bilang 1 hanggang sa 5 ayon sa tamang pagkakaayos ng iba't-ibang hakbang sa pagpapasiya

\_\_\_ **6.** Sa mga nakuhang impormasyon, kilalanin ang mga posibleng pagpipilian.

\_\_\_ **7.** Kapag natukoy na ang gagawing pasiya, oras na upang tipunin ang impormasyong nauugnay sa pagpipilian.

\_\_\_ **8.** Malinaw na dapat tukuyin ang gagawing pasiya.

\_\_\_ **9.** Tukuyin ang mga kahalili (alternative) at timbangin ang mga ito kung makakatulong ba ito o hindi.

\_\_\_ **10.** Matapos sundin ang mga hakbang sa paggawa ng pasiya ay suriin nang mabuti ang napiling pasiya. Nasasagot ba ang mga tanong na ito, nalutas ba ang problema? nasagot ba ang tanong? at natugunan ba ang iyong mga layunin?

**11. 15.** Basahin at unawain ang mga sumusunod na pahayag. Tukuyin kung ang pahayag ay TAMA o ito ay MALI.


\_\_\_ **11.** Ang mga kadahilanan na nag-aambag sa pagpapakita ng karahasan ay ang mababang pagbibigay ng halaga sa sarili, pang-aabuso at pagpapabaya.

\_\_\_ **12.** Kumikilos sa Jared ng hindi kinakailangang pagsabihan at wala siya hinihiling na kapalit. Ang kilos ni Jared ay nagpapakita ng pagkukusa.

\_\_\_ **13.** Ang bawat tao ay may kakayahang gumawa ng isang malinaw na pasiya sa buhay.

\_\_\_ **14.** Sa paggawa ng pasiya kailangang matutunang palawakin ang pagpipilian at humingi nga payo.

\_\_\_ **15.** Ang bawat tao ay may kakayahang mapagtagumpayang harapin ang karahasan.




## ***Karagdagang Gawain***

### **GAWAIN 8: MGA HAKBANG**

**PANUTO:** Mula sa ranggo 1 hanggang 6, piliin mo kung ano ang una mong hakbang hanggang sa huli sa paggawa mo ng pasiya.

Mga Hakbang	Ranggo
1. Maunawaan kung paano ginawa ang mga pagpipilian.	
2. Siyasatin kung ano ang maaaring matutunan mula sa mga karanasan.	
3. Siyasatin kung ano ang maaaring makagambala sa pagkakaroon ng mga layunin.	
4. Siyasatin ang mga paraan sa paglutas ng problema.	
5. Unawain kung paano naiimpluwensyahan ang personal na paniniwala at saloobin sa pagpapasya	
6. Gumawa ng mga pagpapasiya at maging mapanagutan sa anumang kahihinatnan nito.	



## Susi sa Pagwawasto

**SUBUKIN**

1. A  
2. A  
3. B  
4. C  
5. D  
6. 2  
7. 4  
8. 5  
9. 1  
10. 3  
11. TAMA  
12. MALI  
13. MALI  
14. TAMA  
15. TAMA

**ISAISIP**

1 – 5 (sa anumang  
pagkakasunud-sunod:  
masidhing damdamin, takot,  
karahasan, kamangmangan,  
gawi) 6. Makataong Kilos 7.  
Panagutan 8. Pag  
papasya 9.  
Managot 10.  
Obiligasyon 11.  
Kahihinatanan 12.  
Kusang loob 13.  
Mabago 14.  
Paggawa 15.  
Kalimutan

**TAYAHIN**

1. D  
2. A  
3. C  
4. B  
5. A  
6. 3  
7. 2  
8. 1  
9. 4  
10. 5  
11. TAMA  
12. TAMA  
13. MALI  
14. TAMA  
15. MALI

# Mga Sanggunian

## Aklat

Brizuella, Mary Jean et al. *Edukasyon sa Pagpapakatao Modyul Para sa Mag-aara*. Unang Edisyon 2015. DepEd-IMCS.

Punsalan, Twila et al. *Pagpapakatao*. Sta. Mesa Heights, Quezon City: Rex Printing Company.

**For inquiries or feedback, please write or call:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)